# ERIC ABALAJON

Si Eric Abalajon ay lecturer sa Division of Humanities, UP Visayas, Iloilo. Ang ilan sa kaniyang mga tula at maikling kuwento ay lumabas sa *Loch Raven Review, Ani, Katitikan, Cha: An Asian Literary Journal, The Tiger Moth Review, Marias at Sampaguitas,* at *Dx Machina.* Siya ay may dalawang zine gamit ang sagisag-panulat na Jacob Laneria, *Mga Migranteng Sandali (2020)* at *The Landscape Does Not Sit Willingly (2022).* Nakatira siya malapit sa siyudad ng Iloilo.

# Checkpoint

Pagkatapos sang una ka pulo ka
minuto, mang-alay na tiil mo nga

gatapak sa preno. Ang mga sugâ sa
likod sa mga salakyan nga gapila

daw mga nagpulaw nga mata, wala nag-abi
nga sa punta sang siyudad sila abtan

sang init sang adlaw, para ipakita ang papel
nga may ngalan, ubra, kag rason sa paggwa.

Ang kamingaw sa pila pirme gakabuslan sang
kulba dala sang ngawngaw sang mga ambulansya

nga pagusto lampas sa inyo. Ang pandemya
para sa mga panimalay diri amo ang eksena

sa ila dalan, kung diin ang oras
naga-untat ukon gani sobra kadasig.

# Checkpoint

Pagkalipas ng unang sampung
minuto, mangangawit na ang paa

mo sa preno. Ang mga ilaw sa
likod ng mga sasakyang nakahilera

ay parang mga puyat na mata, di akalain
na sa hangganan ng siyudad aabutan ng

init ng umaga, para ipakita ang papel na
may pangalan, trabaho, at dahilan sa pagkilos.

Ang bagot sa pila ay madalas pinapalitan ng
kaba dala ng alingangaw ng mga ambulansiyang

malaya kayong nilalampasan. Ang pandemya
para sa mga kabahayan dito ay eksena sa

ang kanilang kalsada, kung saan ang oras
ay tumitigil o di kaya'y sobrang tulin.